# LUNGSOD NG MILPITAS
# PAUNAWA NG PANGKALAHATANG HALALANG MUNISIPAL
# NOBYEMBRE 5, 2024

**ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO** na ang isang Pangkalahatang Halalang Munisipal, isinama sa Pambuong-estadong Pangkalahatang Halalan, ay gaganapin sa Lungsod ng Milpitas sa Martes, ang ika-5 araw ng Nobyembre, 2024, para sa mga sumusunod na katungkulan:

Isang Alkalde ng Lungsod ng Milpitas – buong termino, dalawang taon
Dalawang Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Milpitas – buong termino, apat na taon

Ang panahon ng paghaharap para sa mga katungkulang ito ay magbubukas sa **Lunes, Hulyo 15, 2024 sa 9:00 a.m.** at magsasara sa **5:00 p.m. sa Biyernes, Agosto 9, 2024**. Kung ang isang karapat-dapat na nanunungkulan ay nabigong magharap ng mga papel ng nominasyon bago lumampas ang 5:00 p.m. sa Agosto 9, 2024, ang panahon ng nominasyon ay palalawigin para lamang sa mga di-nanunungkulan na mga kandidato nang hanggang 5:00 p.m. sa Miyerkoles, Agosto 14, 2024, upang magharap ng Papel ng Nominasyon para sa inihahalal na katungkulan.

Ang mga papel ng nominasyon ay makukuha sa pamamagitan ng appointment lamang mula sa Klerk ng Lungsod o Diputadong Klerk ng Lungsod, sa City Hall, 455 E. Calaveras Blvd., ika-3 palapag, Milpitas, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes, sa panahon ng nominasyon. Ang mga kandidato ay dapat na nakarehistrong mga botante sa Lungsod ng Milpitas sa panahon ng pag-isyu ng Papel ng Nominasyon. Tawagan ang Klerk ng Lungsod sa 408-586-3001 upang humingi ng appointment.

Kung walang iminungkahi o isang tao lamang ang iminungkahi para sa inihahalal na katungkulan, ang paghirang sa inihahalal na katungkulan ay maaaring gawin gaya ng nakasaad sa §10229 ng Kodigo sa mga Halalan ng CA.

Ang mga botohan ay bubuksan sa Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 5, 2024 mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Upang makakuha ng napapanahong impormasyon tungkol sa Araw ng Halalan at pagboto pumunta sa www.sccvote.org o tumawag sa 408-299-8683. Upang magtanong tungkol sa halalan sa Milpitas, tawagan ang opisina ng Klerk ng Lungsod sa 408-586-3003 o magpadala ng e-mail sa cityclerk@milpitas.gov.

Para sa tulong sa mga sumusunod na wika, tumawag sa:
Đối với Việt Nam, gọi 408-586-2400
Para español, llame 408-586-3232
Para sa Tagalog, tumawag sa 408-586-3072

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Pinetsahan, Hulyo 5, 2024